

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nase-secure ng Lungsod ang mas matatag na kinabukasan para sa Brampton sa pamamagitan ng adbokasiya, partnership ng pamahalaan at karagdagang pinagmumulan ng kita

BRAMPTON, ON (Hulyo 9, 2020) – Sa pakikipagtulungan sa lahat ng antas ng pamahalaan, dedicated ang Lungsod ng Brampton sa pagtataguyod para sa paglago at mga inisyatiba sa pagka-sustainable na magbibigay pakinabang sa mga residente nito at hikayatin ang pagbabago nang lokal. May pokus sa mga pagkakataon sa health care, edukasyon pagkatapos ng high school, transportasyon at pagbangon ng ekonomiya, na-secure ng Lungsod ang sapat na mga kaloob na pondo at kontribusyon mula sa pamahalaang pederal at lalawigan, hinahabol ang karagdagang mapagkukunan ng kinikita para ma-secure ang mas matatag na kinabukasan para sa Brampton.

Kaloob na pondo at kontribusyon ng Pederal at ng Lalawigan

Mula 2019, ang mga anunsyo at kontribusyon ng kaloob na pondo mula sa pederal at lalawigan na may total na \$667,195,952 ay inanunsyo para sa Lungsod, dagdag na 232 porsyento kaysa naunang Mga Termino ng Konseho mula 2011. Dito, tinatayang 137.8 milyon para sa pondo sa Muling Pagsisimula at Pagbangon sa COVID-19 kaugnay ng pandemya. Mula 2019, ang halaga ng kaloob na pondo para sa Lungsod na hindi kaugnay sa mga application sa COVID-19 ay may total na \$529,314,465.

Nakikipagtulungan sa mga Pamahalaan ng Canada at Ontario, matagumpay na itinaguyod at na-secure ang mga kaloob na pondo at kontribusyon ng Lungsod para sa sumusunod na kahanga-hangang mga proyekto mula 2019:

- **Riverwalk** – noong Nobyembre 2020, inanunsyo na ang Lungsod ay tatanggap ng [higit sa \\$38 milyon tungo sa pagpapababa ng baha sa downtown Brampton](#), pinapaabante ang Lungsod ng isang hakbang na mas malapit sa pagtupad sa proyekto nitong Riverwalk. Ang application ng Lungsod sa Proyektong Proteksyon sa Baha ng Downtown Brampton ay inaprubahan ng Pamahalaan ng Canada kasunod ng matagumpay na pagrepaso sa proyekto sa ilalim ng mga tuntunin at kondisyon ng Pagpapababa sa Sakuna at Pondo sa Adaptation.
- **Phase II ng Peel Memorial** – noong Marso 2021, inanunsyo ng pamahalaang panlalawigan bilang bahagi ng kanilang badyet na poponduhan nila ang [ekspansyon ng Peel Memorial Centre for Integrated Health and Wellness ng William Osler Health System](#) tungo sa isang bagong ospital at magbigay ng pinansyal na suporta para sa pag-develop ng bagong institute ng medikal na edukasyon sa Brampton sa pakikipagtulungan sa Ryerson University.
- **Matapos ang Edukasyon sa High School** – Noong Marso 2021, malugod na tinanggap ng Lungsod ang anunsyo ng Lalawigan sa ekspansyon ng dagdag na mga pagkakataon matapos ang high school sa Brampton, kabilang ang medikal na institute sa Ryerson University. Sa pagpupulong nito noong Hulyo 7, bumuto ang Konseho pabor sa \$1 milyong planong kaloob

para pondohan ang Paaralan ng Medisina sa Brampton sa hinaharap. Noong Hunyo 16, 2021, kinumpirma ng Lungsod at ng University of Guelph-Humber ang pakay na ilipat sa Brampton ang akademik na institusyon bilang anchor tenant sa Centre for Innovation.

- **Pangatlong Pasilidad ng Brampton Transit** – noong Abril 2021, na-secure ng [Brampton ang pamumuhunan ng lalawigan at pederal na \\$128M tungo sa pangatlong pasilidad ng Brampton Transit](#). Ang konstruksyon ng bagong pasilidad na ito ay magpapahusay sa kapasidad, kalidad, at kaligtasan ng imprastraktura ng pampublikong transportasyon para sa Brampton, at magpapahintulot sa instalasyon sa hinaharap ng imprastraktura para isagawa ang pagmimintina sa mga de-kuryenteng bus, lilikha ng mas malinis at mas mahusay na mga paraan ng transportasyon para sa mga residente
- **Milestone na pilot na proyekto na de-kuryenteng bus** – Noong Hulyo 2019, tinanggap ng Lungsod ang [makabuluhang pamumuhunan ng Pamahalaan ng Canada sa milestone na Demonstrasyon ng De-Kuryenteng Bus na Pan-Canadian at Pagsubok na Integrasyon sa Brampton](#). Na-secure ng Lungsod ang \$11.15 milyon na pondo tungo sa Phase 1 ng pilot na proyekto para subukan ang battery na de-kuryenteng bus sa Brampton.

Sponsorship

Noong Marso 2019, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang talaan ng mga pasilidad ng Lungsod para sa pagbebenta ng mga karapatan sa pagpapangalan bilang bahagi ng paggamit sa estratehiya ng sponsorship ng buong lungsod at isang updated na Sponsorship at Patakaran sa mga Karapatan ng Pagpapangalan. Ang pambuong lungsod na sponsorship at programa sa mga karapatan ng pagpapangalan ay nag-aalok ng pinasadyang mga pagkakataon para kumonekta ang mga negosyo sa komunidad, na lumilikha ng pinagandang mga karanasan para sa mga residente.

Sa tumaas na mga fiscal pressure, committed ang Lungsod sa pagpapababa sa epekto sa mga tagabayad ng buwis sa Brampton, habang nagbibigay ng pinakamataas na kalidad ng buhay para sa mga residente. Noong Setyembre 2020, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang [15-taon na kasunduan sa pagitan ng Lungsod ng Brampton at sa Save Max Real Estate Inc.](#) para sa exterior na mga karapatan ng pagpapangalan sa Brampton Soccer Centre sa halagang \$2,512,500.

Mula nang ginamit ang estratehiya ng sponsorship sa buong lungsod, at ang updated na Sponsorship at Patakaran sa mga Karapatan ng Pagpapangalan, naisapinal ng Lungsod ang sponsorship at mga kasunduan sa mga karapatan ng pagpapangalan na may total na \$3.7 milyong kinikita para matumbasan ang ilan sa tumaas na gastos kaugnay ng pagbibigay ng mas mahusay na serbisyo sa mga residente.

Mga Quote

“Ang pandemya ng COVID-19 ay matinding nagbigay ng diin sa pangangailangan para sa dagdag na pagtutulungan sa pagitan ng lahat ng antas ng pamahalaan at napapanahong pamumuhunan para punan ang mga puwang sa health care, transit at pagbangon ng ekonomiya. Ipinagmamalaki ko ang trabahong nagawa ng Lungsod sa buong Termino ng Konseho na ito para sa ating mga residente, at salamat sa mga pamahalaang pederal at panlalawigan para sa kanilang partnership. Magkasama, patuloy nating mase-secure ang mas metatag na kinabukasan para sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng paBrampton*

“Sa Lungsod, dedicated tayo sa pagpapaganda sa buhay ng ating mga residente sa pamamagitan ng sapat na lokal na mga pamumuhunan at partnerships. Inaasahan natin ang patuloy na kolaborasyon sa ating mga partner sa pederal, lalawigan at negosyo habang nagtutulungan tayo na i-redefine ang Brampton.”

- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca